# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

# 1200 Spiritual Warfare ©
**Conrad Jun Tolosa**
Revised November 4, 2021

### Tatlong Kaaway ng Cristiano
### SW1203. Ang Mundo

Sinasabi ni Apostol Juan na ang lahat ng nasa mundo, ang pita ng laman, ang pagnanasa ng mata at kahambugan ay galing sa mundong ito. Kaya naman sinasabi ni Apostol Pablo na tayong mga Cristiano ay hindi dapat makiayon pa sa takbo ng mundong ito, bagkos ay magbago tayo sa pamamagitan ng pagbabago ng ating isipan. (1 John 2:16; Romans 12:2)

Sa Kanyang panalangin bago Siya bumalik sa langit, hinabilin ng Panginoong Jesus ang kanyang mga tupa na pinagkaloob sa kanya ng Diyos Ama, na ingatan sila mula sa kamay ng diablo. Katulad ng Siya ay sinugo ng Ama sa mundo, sinusugo Niya ang mga ito sa mundo. (John 17:13-16)

Sinasabi sa Colossians 1:13 na ang mga mananampalataya ay inilipat na sa kaharian ni Cristo mula sa kaharian ng kadiliman. Subalit, kinakailangan Niyang isugo ang mga ito pabalik sa mundo sapagkat mayroon silang mahalagang gawain doon - - ipahayag ang mabuting balita ng kaligtasan, hanapin ang mga nawawalang tupa ng Panginoon at habang isinasagawa ito ay magsilbing ilaw at asin. Samakatuwid, ang mga mananampalataya ay mamamalagi sa teritorio ng kaaway. Kaya pala ang matinding paalala ni Apostol Pablo tungkol sa pakikibakang espiritual ay hindi buto't balat at laman ang ating kaaway kundi mga makapangyarihang demonyo na may hawak ng iba't ibang teritorio o mga demonyong namumuno ng mga hukbo at mga prinsipe ng kadiliman.

Sa Colossians 2:8 binabalaan tayo ni Apostol Pablo patungkol sa mga pilosopiya ng buhay na popular sa mundo na nakabase lamang sa isipan ng tao o galing sa mga nagpapatakbo ng mundo at hindi galing kay Cristo.

Halimbawa, ang paniniwala na ang mga babies sa sinapupunan ng babae ay hindi pa tao (sila ay tissue o laman lamang) kaya puwede ilaglag ng ina ay pinagmumulan ng patuloy na pagtaas ng bilang ng abortion worldwide. In the last 40 years over 1.6 billion na ang nilaglag. Last year, ang total abortion worldwide ay 42.6 million. Dahil sa mga political at economic ideologies, 75 million ang namatay noong WWI at WWII. Milliones pa rin ang mga nangamamatay dahil sa mga tribal and ethnic religious wars. Human trafficking, drug smuggling, homelessness, sexually transmitted diseases. Ang lahat ng mga ito ay nagdadagdag sa karimlan at kadiliman ng ating mundo. Violence ang siguradong kinauuwian ng mga pagnanasa ng mga taong makasalanan. Ang Diyos ng Bibliya ay Diyos ng peace and order. Ang principe ng mundo ay ang kabaliktaran – si Satanas ay diyos ng violence, kaguluhan, chaos, at ganoon din ang kanyang mga kampong demonyo.

Upang maikubli ni Satanas ang mga karima-rimarim na nagaganap sa mundo, pinupuno niya ang oras at interes ng mga tao ng sports at entertainment. Ang fame and fortune ng mga sports and showbiz celebrities ang pinagliliwanag niya sa mundo. Glittering jewelries, fast cars, huge houses, fashionable shoes and clothes. Ang lahat ng mga ito ang ginagamit niyang panghikayat sa tao upang sila ay

manatiling nagnanais magkamal ng sapat na salapi para maka-afford ng mga bagay na ito. Nang sa ganoon, sila ay mababahiran ng kasikatan tulad na kanilang mga idol.

Sa spiritual warfare, dapat tayong matuto kay Joshua, kay Gideon at kay David. Alam ni Joshua na ang commander ng Lord's army ang nangunguna sa pagkikipagdigma nila sa mga nasyon na kailangan nilang magapi. Alam ni Gideon na ang nangunguna sa kanila ay ang tabak ng Panginoon. At alam ni David na ang tunay na kalaban ni Goliath ay ang Diyos ng hukbo ng Israel. Sa spiritual warfare huwag nating kalimutan na ang ating Diyos ang nasa unahan ng ating pakikipaglaban (Joshua 6:13-15; Judges 7:1-7, 16-18; I Samuel 17:45).

© Revised: November 4, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.